

**Effects of modernization on the development
of the Filipino language in the learning of students**

Gretchen C. Abbalnog*

Malagnat Nat'l High School, Malagnat Pin, Kalinga, Philippines

ABSTRACT

With the rapid rise of modern technologies, modernization has had a significant impact on education, particularly on Junior High School students' learning of the Filipino language. This study was conducted to investigate the effects of modernization on the development of the Filipino language in students' learning. In this study, the researcher used a qualitative method, and the respondents consisted of thirty-nine (39) Grade 10 students. The data show that language appreciation and modernization in the development of the Filipino language have a positive effect on students' learning. With the help of technology, the internet, and other modern instructional tools, students' knowledge expands and their moral character is shaped. Modernization enhances and deepens the three primary skills: speaking, reading, and writing. In addition, the respondents' views also revealed the influence of social media platforms and AI on language change. As they actively participate in classroom activities, they learn to value their own language. This approach aligns with the goal of the K–12 curriculum to strengthen contextualized teaching in Filipino. The recommendations are discussed in the paper.

Keywords: Modernization, Filipino Language, Junior High School, technology, education, St. Louis.

Date Submitted: March 6, 2026

Date Accepted: March 13, 2026

Date Published: April 3, 2026

*Corresponding author/ Email: gabbalnog@gmail.com
DOI: <http://doi.org/10.69651/PIJHSS0502887>

Recommended citation:

Abbalnog, G. C. (2026). Effects of modernization on the development of the Filipino language in the learning of students. *Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences)* 5 (2), 45-57.
<http://doi.org/10.69651/PIJHSS0502887>

Epekto ng modernisasyon sa pag-unlad ng wikang Filipino sa pag-aaral ng mga mag-aaral

Gretchen C. Abbalnog

Malagnat Nat'l High School, Malagnat Pin, Kalinga, Philippines

ABSTRAK

Sa mabilis na pag-usbong ng mga modernong teknolohiya, malaki ang epekto ng modernisasyon sa edukasyon, lalo na sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa Junior High School. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang siyasatin ang naging epekto ng modernisasyon sa pag-unlad ng Wikang Filipino sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral na ito ay ginamit ng mananaliksik ang metodong kwalitatibo at mga tagatugon sa pag-aaral ay kinabibilangan ng tatlumpu't siyam (39) na mag-aaral sa ikasampung baitang (Grade 10). Ipinapakita ng mga datos na ang pagpapahalaga sa wika at ang modernisasyon sa pag-unlad ng Wikang Filipino ay may positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa tulong ng teknolohiya, internet, at iba pang makabagong kasangkapan sa pagtuturo, lumalawak ang kanilang kaalaman at nahuhubog ang kanilang kabutihang-asal. Ang modernisasyon ay nagpapahusay at nagpapalalim sa tatlong pangunahing kasanayan: Pagsasalita, Pagbasa, at Pagsulat. Bukod pa rito, naipakita rin sa saloobin ng mga tagatugon ang impluwensiya ng mga social media platform at AI sa pagbabago ng wika. Habang sila ay aktibong nakikibahagi sa mga gawain sa klase, natututo silang pahalagahan ang sariling wika. Ang ganitong pamamaraan ay tumutugma sa layunin ng K-12 curriculum upang palakasin ang kontekstwalisadong pagtuturo sa Filipino. Ang mga rekomendasyon ay tinalakay sa papel.

Mga susing salita: Modernisasyon, Wikang Filipino, Junior High School, teknolohiya, edukasyon, St. Louis.

PANIMULA

Sa mabilis na pag-usbong ng mga modernong teknolohiya, malaki ang epekto ng modernisasyon sa edukasyon, lalo na sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa Junior High School. Ang mga makabagong kagamitan at serbisyo ay nagbukas ng maraming oportunidad sa larangan ng edukasyon, na nag-aalok ng mas madaling akses sa impormasyon, digital learning platforms, at mga interactive na pamamaraan ng pagtuturo. Subalit, kasabay ng mga benepisyong ito ay ang mga hamon na maaaring makaapekto sa kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit at pagpapahalaga sa wikang Filipino. Maraming kabataan ang mas nahuhumaling sa mga dayuhang wika, partikular ang Ingles, sa social media, video content, at iba pang online platforms, na nagiging sanhi ng unti-unting pag-urong ng kanilang interes sa sariling wika (Borah et al., 2024).

Isa sa mga pangunahing problema ay ang pagbabago sa paraan ng pakikipagtalastasan dahil sa impluwensiya ng modernisasyon, na nagmumula sa malawakang impluwensiya ng teknolohiya. Sa pag-usbong ng social media, messaging apps, at iba pang digital tools, higit na naging laganap ang paggamit ng pinaikling mga salita, impormal na istilo ng pagsulat, at minsan ay maling gramatika. Ang tinatawag na \text speak, \ jejemon, at iba pang anyo ng impormal na komunikasyon ay nagiging hadlang sa pag-aaral ng tamang Filipino, na maaaring makasagabal sa kanilang kakayahan sa akademikong pagsulat at pormal na pakikipag-usap. Dahil dito, isang hamon para sa mga guro ang mapanatili ang wastong paggamit ng Filipino sa kabila ng mga modernong pagbabagong ito, na siyang naglalayong pagyamanin ang mga kasanayang pangwika ng mga estudyante (Studies, 2023).

Ang limitadong integrasyon ng modernong teknolohiya sa pagtuturo ng Filipino ay nagiging mahalagang pagsubok para sa mga guro at mga institusyong pang-edukasyon. Habang ang ibang asignatura tulad ng Agham at Matematika ay may malawak na access sa mga digital na tool at online resources, kadalasang napapabayaang ang Filipino sa ganitong aspekto. Maraming guro ang nananatili sa tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo, na maaaring hindi na angkop para sa mga estudyanteng mas pamilyar sa digital learning. Upang masolusyunan ang problemang ito, kinakailangan ang mga makabago at interaktibong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino na tugma sa teknolohikal na panahon (Fajardo et al., 2024). Napakahalaga ng papel na ginagampanan ng wika noon at maging ngayon sa kasalukuyan. Nagiging tulay ito tungo sa kapayapaan ng bansang Pilipinas. Mas nagkaka-intindihan ang bawat mamamayan dahil madali at malayang naipapahatid ng mga Filipino ang kanilang saloobin at kaisipan. Wikang Filipino rin ang nagiging susi tungo sa pagkakaisa ng mga Filipino na siyang kadahilanan ng patuloy na pagunlad ng ekonomiya ng Pilipinas.

Kasabay ng modernisasyon at paglunsad sa mga makabagong teknolohiya, ay patuloy din ang pag-unlad at pagbabago ng Wikang Filipino. Halimbawa na lang ay ang paggamit ng ibat-ibang paraan upang mas mapaikli ang pagbigkas at ang baybay ng wikang Filipino, ilang halimbawa ng pagpapalawak ng bokabularyo ay ang paggamit ng akronim o ang paggamit ng mga letra na sumasagisag sa isang salita o tumatayo bilang kahalili ng isang salita upang mas madaling maintindihan. Sumunod na halimbawa ay ang pagpapalit ng mga salita na ginagamit noong unang panahon upang mas magandang bigkasin at pakinggan. At ang pinakauso sa panahon ngayon ay ang paggamit ng mga balbal na salita, ang pinakamababang antas ng wika na karaniwang ginagamit ng mga kabataan. Ang mga mag-aaral sa urban ay gumagamit ng ibat-ibang pagpapalawak ng bokabularyo na nakakaaapekto din sa kanilang pamumuhay maging sa lipunan at ekonomiya.

Ayon kay (Puno, 2019), lumabas ang mga salik na matagumpay pagkatuto ng mga mag-aaral ay ang may positibong ugali, may kahandaan at kahusayan sa pakikipagtalastasan. Nabanggit pa niya na ang ilan sa mga mag-aaral ay may kanya-kanyang paraan din kung paano sila matututo at ano ang dating sakanila ng pagtuturo ng mga guro. May mga mag-aaral na mas natututo kapag hinahawakan nila ang isang bagay samantalang may ilang mag-aaral na mas natututo kapag pinapakinggan nila sa radyo ang kanilang paboritong programa o kaya naman ay pinapaanood nila sa telibisyon ang gusto nilang programa habang isinasagawa ang gawain sa pagtuturo ng guro. Ang mga ganitong pangangailangan ng mga mag-aaral ay makatutulong ng malaki sa kognitibong estilo sa pagkatuto na maaring makaimpluwensiya kung paano maaring tanggapin at iproseso ang mga impormasyon sa pamamagitan ng mga talatanungan at inventories, malalaman ang iba't ibang estilo sa pagkatuto ng mga mag-aaral, Puno (2019).

Idinagdag ni Aquino (2019) na ang estilo sa pagkatuto ay ang paraan ng pagpili ng bawat indibidwal ng kondisyon sa proseso ng pagkatuto na maaring makaapekto sa pagkatuto ng bawat indibidwal kasama kung saan, kailan at paano nagaganap ang pagkatuto, at ang kagamitan kung saan siya may higit na matutunan. Dapat ding tandaan na bawat indibidwal ay may kanya-kanyang estilo sa pagkatuto. Walang indibidwal na maaring magkatulad sa estilo sa pagkatuto at may mga salik na maaring makaapekto sa pagkatuto ng bawat indibidwal.

Sa pagpipili ng paksang ito, ang mananaliksik ay isinaalang-alang din ang kahalagahan ng pag-aaral na isasagawa kaya dapat sisiyasatin ang epekto ng modernisasyon sa pagyabong ng wikang Filipino. Maunawaan kung paano naapektuhan ng digital age ang kasanayan ng mga estudyante sa wikang Filipino at matukoy ang mga mabisang solusyon upang mapanatili ang kahalagahan at tamang paggamit ng wika sa kabila ng mga pagsubok na ito. Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito, inaasahang makapagbibigay ito ng mahahalagang impormasyon na maaaring magamit ng mga guro, estudyante, at mga tagapamahala ng edukasyon upang

pangalanan ang mga hakbang na makapagpapabuti sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino sa makabagong panahon.

Paglalahad ng suliranin

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang siyasatin ang naging epekto ng modernisasyon sa pag-unlad ng Wikang Filipino sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Nakilala ang mga tagatugon batay sa kanilang personal na katangian tulad ng kasarian, kaayusan o kalagayan ng kapanganakan, antas ng pinag-aralan ng magulang, at trabaho ng kanilang mga magulang. Natukoy sa pag-aaral ang naging epekto ng modernisasyon sa pagsasalita, pagbasa, at pagsulat ng mga mag-aaral. Gayundin, naipakita ang saloobin at opinyon ng mga tagatugon hinggil sa naging impluwensiya ng mga sosyal midya tulad ng AI, Facebook, at Google sa mga pagbabago sa Wikang Filipino.

METODOLOHIYA

Sa pag-aaral na ito, ginamit ng mananaliksik ang metodong kwalitatibo upang matukoy ang epekto ng modernisasyon sa pag-unlad ng Wikang Filipino sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Ang mga tagatugon sa pag-aaral ay kinabibilangan ng tatlumpu't siyam (39) na mag-aaral sa ikasampung baitang (Grade 10). Batay sa katangian ng mga tagatugon, may 21 babae (53.85%) at 18 lalaki (46.15%) na lumahok sa pag-aaral. Ipinapakita nito na bahagyang mas marami ang mga babae kaysa sa lalaki, ngunit halos magkapantay ang distribusyon ng kasarian ng mga mag-aaral. Ayon naman sa kaayusan ng kapanganakan, 19 (48.72%) sa mga mag-aaral ay panganay, 16 (41.03%) ay nasa gitna, at 4 (10.26%) ay bunso. Ipinapakita ng datos na karamihan sa mga tagatugon ay panganay, na maaaring may implikasyon sa kanilang pananaw at responsibilidad sa pamilya. Samantalang sa pinag-aralan ng mga magulang, makikita na sa mga tatay, 4 (10.26%) ang nagtapos ng elementarya, 25 (64.10%) ang nagtapos ng high school, at 10 (25.64%) ang nakapagtapos ng kolehiyo. Sa mga nanay naman, 5 (12.82%) ang nagtapos ng elementarya, 18 (46.15%) ang nagtapos ng high school, at 16 (41.03%) ang nakapagtapos ng kolehiyo. Ipinapakita nito na karamihan sa mga magulang ay nakapagtapos ng sekondarya, ngunit may malaking bilang din ng mga nanay na nakapagtapos ng kolehiyo. Kaugnay naman sa trabaho ng mga magulang, sa mga tatay, 17 (43.59%) ang magsasaka, 7 (17.95%) ang OFW, 9 (23.08%) ang nasa kategoryang “iba pa,” samantalang tig-3 (7.69%) ang may maliit na negosyo at maybahay. Sa mga nanay naman, 17 (43.59%) ang maybahay, 6 (15.39%) ang may tindahan, 5 (12.82%) ang OFW, 5 (12.82%) ang nasa kategoryang “iba pa,” at tig-3 (7.69%) ang guro at magsasaka. Ipinapakita ng datos na ang pinakakaraniwang hanapbuhay ng mga tatay ay ang pagsasaka, samantalang sa mga nanay ay ang pagiging maybahay. Sa kabuuan, makikita na ang mga mag-aaral ay nagmumula sa mga pamilyang may iba’t ibang antas ng kabuhayan at edukasyon. Ang pagkakaiba-iba sa kasarian, kaayusan ng kapanganakan, antas ng edukasyon ng magulang, at hanapbuhay ay maaaring makaapekto sa kanilang karanasan at pananaw sa paggamit at modernisasyon ng Wikang Filipino.

Sa anumang pag-aaral na isinagawa, mahalaga ang instrumentong ginamit sa paglikom ng mga datos at impormasyon sapagkat dito nakasalalay ang tagumpay o kabiguan ng isang pananaliksik. Sa pag-aaral na ito, ginamit ng mananaliksik ang pakikipanayam sa mga mag-aaral na may kalakip na gabay-katanungan upang higit na malinaw ang pagkuha ng pananaw ng mga tagatugon hinggil sa epekto ng modernisasyon sa Wikang Filipino. Ang mga katanungan ay nakatuon sa mga aspeto ng pagsasalita, pagbasa, at pagsulat ng mga mag-aaral, gayundin sa kanilang saloobin at opinyon tungkol sa impluwensiya ng mga sosyal midya tulad ng AI, Facebook, at Google sa pagbabago ng wika. Isinagawa ang personal na pakikipanayam sa pamamagitan ng harapang pagtatanong tuwing libreng oras ng mga mag-aaral upang hindi

makaabala sa kanilang regular na klase. Isa-isang tinanong ng mananaliksik ang bawat mag-aaral at itinala ang kanilang mga kasagutan kaugnay ng paksang nais malaman. Nagbigay rin ng mga open ended na katanungan upang makuha ang mas malalim na saloobin at ideya ng mga mag-aaral hinggil sa modernisasyon at pagbabago ng Wikang Filipino. Sa pagbuo ng mga katanungan para sa pakikipanayam, siniguro ng mananaliksik na ang mga ito ay malinaw, makabuluhan, at angkop sa layunin ng pag-aaral upang maging kapaki-pakinabang ang mga kasagutang makakalap.

Naging masistematisiko ang paraan ng pagbabahagi at paglikom ng mga kasagutan mula sa mga tagatugon. Bago isinagawa ang pananaliksik, nagpadala muna ng liham-pahintulot ang mananaliksik sa Superintendente ng Dibisyon ng Paaralan (SDS), punong-guro, at sa mga guro kasangkot upang ipabatid ang layunin ng pag-aaral. Matapos ang pag-apruba, itinakda ng mananaliksik ang iskedyul ng harapang pakikipanayam tuwing libreng oras ng mga tagatugon upang hindi makaabala sa kanilang regular na klase. Nagkaroon ng malayang pagpapalitan ng kuro-kuro sa pagitan ng mananaliksik at mga mag-aaral upang magpalagayan ng loob at makuha ang tunay na saloobin. Ang mga tanong ay nakatuon sa pansariling karanasan ng mga mag-aaral kaugnay ng epekto ng modernisasyon sa kanilang pagsasalita, pagbasa, at pagsulat sa Wikang Filipino, pati na rin sa mga hamon at isyung kanilang kinahaharap sa kasalukuyan. Lahat ng kasagutan ng mga tagatugon ay isinailalim sa pagiging kumpidensyal upang mapanatili ang integridad ng datos at respeto sa kanilang pribadong impormasyon.

Isinagawa ang kwalitatibong pag-aanalisa sa mga kasagutan ng mga mag-aaral mula sa isinagawang pakikipanayam. Pinangkat ang mga sagot batay sa tema tulad ng epekto ng modernisasyon sa pagsasalita, pagbasa, at pagsulat, pati na rin ang saloobin sa impluwensiya ng mga sosyal midya gaya ng AI, Facebook, at Google. Sa pamamagitan ng thematic approach, nahango ang mga pangunahing konsepto at pananaw ng mga mag-aaral na nagsilbing batayan sa pagbuo ng konklusyon ng pag-aaral. Ang masusing pagsusuri sa mga sagot ay nagbigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa mga karanasan at pananaw ng kabataan hinggil sa patuloy na pagbabago ng Wikang Filipino.

Sa pag-aaral na ito ay isinaalang-alang at pinangingibabawan ang pang etikal na ugnayan sa lahat ng mga tagatugon at kasapi sa gagawing pag-aaral na ito. Una sa lahat, ipinaalam sa administrasyon, sa Superintendente ng Dibisyon (SDS), punong-guro, at mga guro bilang tagatugon ang layunin ng pag-aaral na ito. Maaaring ipaunang ibigay ang liham para sa pananaliksik na gagawin. Ang ugnayan ng mananaliksik at mga tagatugon ay may pagkakaisa at pagkakaunawaan, may malayang komunikasyon at respeto sa bawat isa. Ang pagbibigay ng kasagutan ng mga tagatugon ay boluntaryo at hindi sapilitan na kung ano lamang ang nais ibahagi o ihayag ay siyang masusunod at huwag palitan ang kanilang mga ideya. Dapat ang mananaliksik ay may integridad at may konsiderasyon sa mga di inaasahang pangyayari. Ang mga makakalap na impormasyon at mga datos na makukuha ay mananatiling konpidensyal at ito lamang ay para sa mananaliksik at tagatugon.

Upang mapanatili ang pagiging mahigpit ng datos na kwalitatibo, isinagawa ng mananaliksik ang isang talakayang panggrupo o focus group discussion para sa presentasyon ng mga ginawang parafrase ng magkakatulad na ideya. Layunin nito na matukoy ang pagiging wasto ng mga ideya o pahayag na kanilang ibinigay sa panahon ng panayam.

MGA RESULTA AT TALAKAYAN

Sa bahaging ito ng pag-aaral, inilalahad at tinatalakay ang mga natuklasan batay sa datos na nakalap mula sa tatlumpu't siyam (39) na mag-aaral sa ikasampung baitang (Grade 10) na nagsilbing mga tagatugon ng pananaliksik. Nakasandig ang pagsusuring ito sa

kwalitativong disenyo ng pag-aaral at sa mga datos na nalikom sa pamamagitan ng pakikipanayam na may kalakip na gabay katanungan. Ang mga kasagutan ng mga tagatugon ay isinailalim sa thematic approach upang matukoy ang mahahalagang padron, konsepto, at pananaw kaugnay ng epekto ng modernisasyon sa pag-unlad ng Wikang Filipino sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Ang talakay na ito ay tuwirang inuugnay sa mga layunin ng pag-aaral, partikular sa pagsisiyasat sa magagandang epekto ng modernisasyon sa pagsasalita, pagbasa, at pagsulat ng mga mag-aaral sa Wikang Filipino, gayundin sa kanilang mga saloobin hinggil sa impluwensiya ng mga sosyal midya tulad ng AI, Facebook, at Google sa mga pagbabagong nagaganap sa wika. Dahil dito, ang mga resulta ay hindi lamang paglalahad ng pananaw ng mga tagatugon kundi isang masusing interpretasyon ng kanilang mga karanasan at obserbasyon sa konteksto ng pagkatuto at paggamit ng Wikang Filipino sa makabagong panahon.

Mula sa pag-aaral na ito, lumitaw ang tatlong pangunahing aspekto upang maipakita ang epekto ng modernisasyon sa pag-unlad ng Wikang Filipino sa karanasan ng mga mag-aaral. Binibigyang diin sa pag-aaral ang mga sumusunod na magagandang epekto ng modernisasyon sa pagsasalita, pagbasa, at pagsulat ng mga mag-aaral gamit ang Wikang Filipino. Sa aspekto ng pagsasalita, ipinakita ng mga sagot ng mga tagatugon na ang modernisasyon ay may mahalagang papel sa paghubog ng kanilang kasanayan sa pagpapahayag gamit ang Filipino. Para kina M.01, M06, M09, M17, M16, M26, M33, M35, M37, at M34, ang epekto ng modernisasyon ay maaaring gamitin sa paghahanap ng impormasyon gamit ang kompyuter na makatutulong sa mga mahihirap na gawain sa paaralan. Ipinahihiwatig nito na ang teknolohiya ay hindi lamang kagamitang pantulong sa pagkuha ng impormasyon kundi isa ring daluyan upang maging mas handa ang mga mag-aaral sa akademikong gawain na may kaugnayan sa wastong paggamit ng wika. Samantala, para kina M.03, M07, M10, M11, M13, M12, M18, M19, M21, M23, M24, M27, M28, M29, M32, M26, at M38, ang magandang epekto ng modernisasyon sa kanilang pagsasalita sa wikang Filipino ay nahahasa nito at napapadali ang pagbigkas nila ng wikang Filipino. Ipinakikita ng pahayag na ito na sa pamamagitan ng pagkakalantad sa iba't ibang modernong kasangkapan, nagiging mas madali para sa mga mag-aaral ang pagsasanay sa wastong pagbigkas at mas nagiging malinaw ang kanilang oral na pagpapahayag. Dagdag pa rito, ibinahagi nina M.04, M14, M02, M15, M20, M22, M25, M31, at M39 na ang mga magagandang epekto ng modernisasyon sa kanilang pagsasalita ng wikang Filipino ay ang pagpapadali nito sa kanilang pakikihalubilo sa iba't ibang lahi ng tao na naninirahan sa Pilipinas, at naipapakita rin nila sa mga bata ang pagmamahal sa sariling wika. Mahalaga ang aspektong ito sapagkat ipinapakita nitong ang modernisasyon ay hindi lamang nakatuon sa teknikal na kahusayan sa wika kundi maging sa panlipunang gamit nito at sa pagpapalakas ng pagpapahalaga sa wikang pambansa. Para naman kina M05 at M.08, dahil sa modernisasyon ay natututo silang magsumite ng mga gawain, magbaybay nang tama, at mas napapadali ang mga pagsusulit at paghahanap ng mga impormasyong gusto nilang malaman, tulad ng balita sa panahon. Idinagdag naman ni M.30 na ang mga magagandang epekto ng modernisasyon sa pagsasalita niya sa wikang Filipino ay nakatutulong sa wastong paggamit ng wika at nagpapadali sa pag-unawa natin sa wikang Filipino. Sa kabuuan ng mga pahayag na ito, makikitang itinuturing ng mga mag-aaral ang modernisasyon bilang kasangkapan sa pagpapahusay ng bigkas, baybay, pag-unawa, at pakikipag-ugnayan gamit ang Filipino.

Pinatitibay ng mga natuklasang ito ang pananaw na ang wika ay salamin ng kultura at sa konteksto ng makabagong panahon, ang modernisasyon ay may mahalagang papel sa paghubog ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng wikang Filipino. Batay sa mga sagot ng mag-aaral, ang paggamit ng teknolohiya gaya ng kompyuter, internet, at AI ay nakatutulong sa pagpapabuti ng bigkas, baybay, at pakikipag-ugnayan gamit ang Filipino (M.03, M.09, M.23, M.36). Ang mga pananaw na ito ay kaakibat ng pag-aaral ni Dicang (2023) na nagsasaad ng mga hamon sa akademikong pakikisalamuha, tulad ng pagkamahiyain at paghalo ng wika, na nalulutas sa pamamagitan ng sariling pagsasanay. Sa parehong diwa,

lumilitaw sa kasalukuyang pag-aaral na ang teknolohiya ay nagsisilbing tulay upang magkaroon ang mga mag-aaral ng higit na kumpiyansa at tuloy tuloy na pagsasanay sa pasalitang Filipino. Dagdag pa rito, binigyang diin ni Velasquez (2023) ang pag usbong ng wikang balbal bilang midyum ng kabataan, isang anyo ng pagkamalikhain na maaaring magdulot ng panganib sa pagkatuto ng opisyal na wika, bagay na binanggit din ng ilang mag-aaral sa epekto ng social media. Ipinakikita nito na bagama't may benepisyong dulot ang modernisasyon, may kaakibat din itong hamon sa pagpapanatili ng pamantayang gamit ng wika. Samantala, si Hicana (2024) ay naglatag ng praksis ng wikang Filipino bilang wikang mapagbangon, kung saan ang husay sa pagsasalita ay nakasalalay sa taong gumagamit nito, isang prinsipyo na sinasalamang ng mga mag-aaral na nagsabing mas malinaw at tuwid ang kanilang pagpapahayag dahil sa tulong ng teknolohiya. Sa parehong linya, ipinakita ni Ludivese (2024) na ang paggamit ng tayutay, simbolismo, at idyoma sa pelikula ay nagpapalalim sa kasanayan sa pagsasalita at pag unawa sa makabuluhang diskurso. Sa kabuuan, ang mga datos mula sa mag-aaral at literatura ay nagpapakita ng ugnayan sa pagitan ng modernisasyon at pag unlad ng kasanayan sa pagsasalita, isang patunay na ang teknolohiya, kung gagamitin nang may layunin at konteksto, ay maaaring maging kasangkapan sa pagpapalakas ng wikang pambansa.

Sa aspekto naman ng pagbasa, lumitaw sa mga salaysay ng mga mag-aaral na ang modernisasyon ay may malaking papel sa pagpapalalim ng kanilang kasanayan sa pagbasa ng wikang Filipino. Para kina M01, M.02, M03, M04, M12, M15, M20, M22, M26, M28, M31, M33, M34, at M37, sa tulong ng modernisasyon ay mas nauunawaan nila ang mga salitang Filipino at mas lumalalim ang kanilang pag unawa sa mga binabasa nila. Mahalaga ang puntong ito sapagkat ipinapakita nito na ang pagdami ng akses sa mga makabagong kagamitan ay may tuwirang ambag sa komprehensyon ng mga mag-aaral. Para naman kina M.07, M.06, M08, M09, M13, M17, M18, M19, M23, M25, M27, M35, at M39, nakatutulong ito upang mapalawak ang kanilang kaalaman sa iba't ibang paksa at salita sa Filipino. Ipinahihiwatig ng mga pahayag na ito na ang modernisasyon ay hindi lamang sumusuporta sa literal na pagbabasa kundi pati sa pagpapayaman ng bokabularyo at lawak ng kaalaman ng mga mag-aaral. Samantala, ipinahayag nina M.10, M11, M21, M24, M30, M32, at M38 na malaki ang naitutulong nito dahil mas napapadali ang kanilang pagsasanay sa pagsasalita ng Filipino. Bagama't nakatuon ang categoryang ito sa pagbasa, makikita rito ang ugnayan ng mga kasanayang pangwika, kung saan ang pagbasa ay may ambag din sa pagpapaunlad ng pagsasalita. Dagdag pa rito, ibinahagi nina M.14, M16, M29, at M36 na sa tulong ng mga makabagong kagamitan ay mas marami silang napagkukunan ng mga babasahin sa Filipino. Ipinakikita nito na ang modernisasyon ay nagpapalawak ng akses sa mga teksto, sanggunian, at akdang Filipino na maaaring hindi agad makuha sa tradisyonal na paraan.

Pinagtitiyag ito ng mas malalim na pagsusuri sa mga tugon ng mga mag-aaral, gaya ng pahayag na mas nauunawaan ko ang mga salitang Filipino at mas lumalalim ang aking pag unawa sa mga binabasa ko (M.02). Sa kontekstong ito, ipinapakita ng mga sagot ng mga mag-aaral na ang modernisasyon ay may mahalagang papel sa pagpapalalim ng kanilang kasanayan sa pagbasa ng wikang Filipino. Sa tulong ng kompyuter, selpon, internet, at mga digital na kasangkapan, mas napapadali ang pag unawa sa mga binabasa (M.04, M.22), napapalawak ang talasalitaan (M.07, M.23, M.27), at nahahasa ang kakayahang magbasa ng mga akdang Filipino (M.13, M.14, M.29, M.36). Ang mga pananaw na ito ay kaakibat ng pag-aaral ni Rabuya (2023), na nagsasaad na bagama't ginagamit ang Ingles sa edukasyon, kinikilala pa rin ng mga mag-aaral ang Filipino bilang mas epektibong wika sa pagpapaliwanag, isang obserbasyong sinasalamang ng mga mag-aaral na nagsabing mas naiintindihan nila ang mga aralin sa wikang Filipino (M.06, M.25). Dagdag pa rito, ipinakita sa pag-aaral ni Kitane (2022) na ang kakulangan sa suporta ng magulang ay nakaaapekto sa pag unlad sa pagbasa, ngunit sa tulong

ng teknolohiya, nagkakaroon ng alternatibong paraan upang mapunan ito (M.17, M.18). Samantala, binigyang diin ni Ludivese (2024) ang papel ng makasaysayang pelikula sa pagpapalalim ng pag unawa sa kasaysayan at kultura, gamit ang matatalinghagang salita at simbolismo, isang pananaw na tumutugma sa mga mag-aaral na nagsabing mas lumalawak ang kanilang kaalaman sa pagbasa ng mga akdang Filipino na may malalalim na kahulugan (M.08, M.28, M.39). Sa kabuuan, ang mga datos mula sa mag-aaral at literatura ay nagpapakita ng ugnayan sa pagitan ng modernisasyon at pag unlad ng kasanayan sa pagbasa, isang patunay na ang teknolohiya, kung gagamitin nang may layunin at konteksto, ay maaaring maging kasangkapan sa pagpapalakas ng pag unawa, talasalitaan, at kamalayang kultural sa wikang Filipino.

Sa larangan naman ng pagsulat, maliwanag sa mga sagot ng mga tagatugon na ang modernisasyon ay may mahalagang ambag sa pagpapahusay ng kanilang kakayahan sa pagsusulat sa wikang Filipino. Para kina M01, M.02, M05, M09, M13, M14, M15, M19, M20, M23, M25, M28, M29, M35, at M37, ang modernisasyon ay nakatulong upang hindi na nila kamuhian ang pagsulat, bagkus ay natututo silang magpahayag ng damdamin. Ang ganitong tugon ay nagpapakita na ang modernisasyon ay may kakayahang gawing mas bukas, mas malaya, at mas makahulugan ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Samantala, para kina M03, M.04, M06, M11, M12, M16, M21, M22, M30, M31, M34, M36, M38, napapadali ang pagsusulat at mas nahahasa nang husto ang kanilang kakayahan sa paggamit ng wikang Filipino. Ipinahihiwatig nito na ang mga digital na kasangkapan ay nakatutulong sa paglinang ng pormal at praktikal na kasanayang pampagsulat. Para naman kina M07, M.08, M24, M26, M27, at M33, dahil sa modernisasyon ay natuto sila kung paano gamitin nang tama ang balarila at baybay ng mga salitang Filipino. Mahalaga ito sapagkat ang wasto at maayos na gamit ng gramatika at ortograpiya ay pundasyon ng epektibong pagsulat. Dagdag pa rito, ipinahayag nina M.10, M.17, M18, M32, at M39 na nakatutulong din ang modernisasyon sa kanilang pagsusulat sa wikang Filipino sa pamamagitan ng pagsasalin ng mga salitang hindi nila alam ang wastong baybay, lalo na sa kanilang pag aaral. Ang ganitong obserbasyon ay nagpapakita na ang teknolohiya ay nagsisilbing katulong sa paglililaw ng kahulugan, baybay, at pormulasyon ng kaisipan sa pagsulat.

Higit na niliwanag ito ng pahayag na mas napapadali ng modernisasyon ang aking pagsusulat at nagagamit ko ito sa mas malikhaing paraan (M.29). Sa kontekstong ito, ipinapakita ng mga sagot ng mga mag-aaral na ang teknolohiya ay may mahalagang papel sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan sa pagsusulat sa wikang Filipino. Sa tulong ng internet, AI, at mga digital na kasangkapan, mas malinaw nilang naipapahayag ang ideya (M.01, M.21, M.24), natutuwid ang balarila at baybay (M.08, M.26, M.32), at nahahasa ang malikhaing pagpapahayag ng damdamin (M.13, M.15, M.38). Ang mga pananaw na ito ay kaakibat ng pag-aaral ni Falcasantos (2024), na nagsasaad na ang tagumpay sa asignaturang Filipino ay higit na nakasalalay sa sariling pagsisikap ng mag-aaral kaysa sa panlabas na salik, isang ideyang sinasalamain ng mga mag-aaral na nagsabing unti unti nilang napagbubuti ang kanilang pagsusulat sa tulong ng teknolohiya (M.19, M.36). Dagdag pa rito, binigyang diin ni Villar (2024) ang mga hamon sa pag aaral ng Filipino sa gitnang paaralan, tulad ng kakulangan sa bokabularyo at pamamahala ng oras, mga hamong tinutugunan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng selpon, tagasalin, at internet (M.17, M.18, M.39). Samantala, ipinakita ni Gabuyo (2025) na ang teknolohiya ay may direktang epekto sa grammar, time management, at ideation, kaya't inirerekomenda ang mga workshop at peer support upang mapabuti ang akademikong pagsulat, isang mungkahing tumutugma sa mga karanasan ng mga mag-aaral na nagsabing mas malinaw at maayos ang kanilang mga isinulat dahil sa modernisasyon (M.04, M.23, M.35). Sa parehong linya, binanggit ni Hicana (2024) ang pagsusulat bilang konstruksyon ng katotohanan at pag usbong ng diskurso, kung saan ang wika ay ginagamit sa pagbubuo ng makabuluhang teksto, isang prinsipyong sinasalamain ng mga

mag-aaral na nagsabing mas naipapahayag nila ang kanilang sarili sa malikhaing paraan gamit ang wikang Filipino (M.02, M.06, M.28). Sa kabuuan, ang mga datos mula sa mag-aaral at literatura ay nagpapakita ng ugnayan sa pagitan ng modernisasyon at pag unlad ng kasanayan sa pagsusulat, isang patunay na ang teknolohiya, kung gagamitin nang may disiplina, layunin, at suporta, ay maaaring maging mabisang kasangkapan sa pagpapalalim ng pagkamalikhain, pag unawa sa gramatika, at pagpapahayag ng damdamin sa wikang Filipino.

Bukod sa mga epekto ng modernisasyon sa tatlong pangunahing kasanayang pangwika, lumitaw din sa pag-aaral ang mga saloobin ng mga mag-aaral hinggil sa impluwensiya ng mga sosyal midya tungo sa maraming pagbabago ng Wikang Filipino. Sa panahon ngayon, malaki ang impluwensiya ng mga sosyal midya gaya ng AI, Facebook, at Google sa pagkatuto, komunikasyon, at paggamit ng wikang Filipino. Habang nakatutulong ang mga ito sa pagpapalawak ng kaalaman, may mga mag-aaral ding nakapansin ng mga pagbabago sa paraan ng paggamit ng wika. Para kina M05, M06, M11, M21, M24, M30, M32, at M36, positibo ang kanilang saloobin sa mga impluwensiya ng AI, Facebook, at Google at nakikita nila itong kapaki pakinabang sa kanilang pagkatuto. Ipinahihiwatig nito na para sa maraming mag-aaral, ang mga sosyal midya at digital na plataporma ay mahalagang katuwang sa pang araw araw na pagkatuto. Samantala, para kina M.07, M12, M17, M18, M20, M26, M37, at M38, totoong nakatutulong ang Facebook, Google, at AI sa araw araw na pamumuhay, sa trabaho, pag aaral, at iba pang pangangailangan, ngunit nagiging masama ito kapag inaabuso. Ayon sa kanila, kapag palaging umaasa sa AI, nawawala ang tunay na pagkatuto at mahalaga ang may hangganan sa paggamit. Ang ganitong pananaw ay nagpapakita ng kritikal na kamalayan ng mga mag-aaral sa mga limitasyon ng teknolohiya. Para kina M09, M.08, M13, at M16, sa tulong ng AI at Facebook ay natututo silang gumamit ng tamang balarila at baybay, nadidiskubre nila ang mga bagong kaalaman, at napapadali ang kanilang mga gawain. Para naman kina M.10, M22, M31, at M39, isa sa mga impluwensiya ng Google at Facebook ay ang kakayahang magsaliksik para sa mga takdang aralin, sapagkat kapag may hindi sila alam ay naisasaliksik nila ito agad gamit ang Google. Dagdag pa rito, ipinahayag nina M14, M15, M27, M23, M33, M34, at M35 na sa kanilang palagay ay malaki ang impluwensiya ng mga sosyal midya sa pagbabago ng wikang Filipino dahil napapabilis nito ang pagkalap ng balita, napapadali ang komunikasyon sa pamilya na nasa malayo, at higit sa lahat, tinutulongan sila ng AI na palawakin ang kanilang kaalaman, kaya mahalagang gamitin ito sa mabuting paraan. Gayunman, para kina M.25 at M28, sa kanilang karanasan ay minsan nakasasama rin ang impluwensiya ng sosyal midya sapagkat hindi sila nakapagpopokus sa kanilang binabasa dahil umaasa sila sa internet, bumababa ang kanilang pag unawa, at hindi na rin nila kabisado ang tamang baybay ng ilang salitang Filipino. Idinagdag naman ni M.29 na malaki ang impluwensiya ng sosyal midya sa wikang Filipino dahil nakatutulong ito sa pagpapalaganap ng wika, ngunit minsan ay nahahaluhan ito ng Ingles kaya nagbabago ang paraan ng paggamit natin dito. Sa kabuuan, ang mga pahayag na ito ay nagpapakita ng dalawang mukha ng modernisasyon at sosyal midya, kung saan sabay na umiiral ang mga benepisyo at panganib sa pagkatuto at paggamit ng Filipino.

Pinatitingkad ng mas malalim na interpretasyon ang mga obserbasyong ito, gaya ng pahayag na totoong nakatutulong ang Facebook, Google, at AI sa araw araw kong pamumuhay, sa trabaho, pag aaral, at iba pang pangangailangan (M.07). Sa kontekstong ito, ipinapakita ng mga saloobin ng mga mag-aaral na ang mga sosyal midya gaya ng AI, Facebook, at Google ay may malawak na impluwensiya sa kanilang pagkatuto, komunikasyon, at paggamit ng wikang Filipino. Marami sa kanila ang nagsabing napapadali ang pagsasaliksik (M.05, M.10, M.28), natutuwid ang balarila at baybay (M.08, M.09, M.26), at mas napapalaganap ang paggamit ng wikang Filipino sa digital na mundo (M.13, M.14, M.29). Gayunpaman, may ilan ding nagbigay diin sa mga negatibong epekto tulad ng labis na pag asa sa teknolohiya (M.07, M.19,

M.27), pagkalito sa tamang baybay (M.12, M.25), at kawalan ng pokus sa pag aaral (M.17, M.37). Ang mga pananaw na ito ay kaakibat ng mga natuklasan sa RRL, partikular sa pag aaral nina Fajardo et al. (2020) na nagsasaad ng mga hamon sa kognitibong kakayahan ng mga mag-aaral dulot ng distraksyon mula sa teknolohiya at limitadong paggamit ng Filipino sa digital platforms. Dagdag pa rito, ipinakita ni Albay (2020) na ang madalas na paggamit ng social networking sites ay nagdudulot ng pagbabago sa wika, kabilang ang pag usbong ng bagong salita at baybay, na maaaring humantong sa unti unting pagkawala ng tradisyonal na wika. Kaugnay nito, binigyang diin nina Barker at Barcker (2019) na ang wika ay tulay ng nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap, isang paalala na ang pagkawala ng sinaunang salita ay pagkawala rin ng bahagi ng ating kasaysayan. Samantala, ipinakita ng mga pag aaral nina Mayag as (2023), Juancho (2021), at Labasbas et al. (2022) na bagama't may positibong epekto ang teknolohiya sa pagtuturo ng wikang Filipino, nananatili ang mga hamon sa kakulangan ng kagamitan, kaalaman sa teknikal na aspeto, at epektibong integrasyon sa kurikulum. Sa ganitong konteksto, mahalaga ang pagsasanay ng guro at mag aaral upang magamit ang teknolohiya nang mas epektibo sa paglinang ng wika. Dagdag pa rito, ipinakita nina Sibayan (2020) at Soriano (2024) na ang gamification tools tulad ng Wordwall at Kahoot ay nakatutulong sa pagbuo ng tiwala sa sarili at kritikal na pag iisip, ngunit nangangailangan ng maingat na pagpili at sapat na koneksyon sa internet upang maging epektibo. Ipinahihiwatig ng lahat ng ito na ang impluwensiya ng sosyal midya at teknolohiya sa Wikang Filipino ay hindi dapat tingnan sa isang panig lamang, sapagkat habang nagbubukas ito ng maraming oportunidad sa pagkatuto at pakikipag ugnayan, nagdadala rin ito ng panganib sa kalidad, kawastuhan, at lalim ng paggamit ng wika.

Sa kabuuan, malinaw na ipinakita ng mga natuklasan ng pag-aaral na ang modernisasyon ay may mahalagang positibong ambag sa pag unlad ng Wikang Filipino sa pag-aaral ng mga mag-aaral, partikular sa mga aspekto ng pagsasalita, pagbasa, at pagsulat. Batay sa mga datos mula sa 39 na tagatugon, napatunayang ang teknolohiya, internet, AI, at iba pang makabagong kasangkapan ay nakatutulong sa paghahanap ng impormasyon, pagpapalawak ng kaalaman, pagpapahusay ng bigkas at baybay, pagpapalalim ng pag unawa sa binabasa, at pagpapalinaw ng pagpapahayag sa pagsusulat. Gayunpaman, ipinakita rin ng mga saloobin ng mga mag-aaral na ang impluwensiya ng mga sosyal midya ay may kaakibat na mga hamon, gaya ng labis na pag asa sa teknolohiya, pagkalito sa tamang baybay, kawalan ng pokus, at paghahalo ng Filipino at Ingles sa gamit ng wika. Dahil dito, ang mga resulta ng pag-aaral ay tuwirang tumutugon sa mga layunin ng pananaliksik at nag aambag sa mas malalim na pag unawa sa ugnayan ng modernisasyon at pag unlad ng wikang Filipino sa konteksto ng Junior High School. Ipinakikita ng mga natuklasan na ang teknolohiya ay maaaring magsilbing mabisang kasangkapan sa pagpapalakas ng wikang pambansa kung ito ay gagamitin nang may disiplina, wastong paggabay, at malinaw na layuning pang edukasyon. Ang mga kinalabasan ng pag-aaral na ito ay nagbibigay ng mahalagang batayan para sa mga susunod na talakayan, lalo na sa pagbuo ng kongklusyon, implikasyon, at mga rekomendasyong maaaring magamit upang higit pang mapaunlad ang pagtuturo at pagkatuto ng Wikang Filipino sa gitna ng patuloy na modernisasyon.

KONGKLUSYON

Sa kabuuan, ipinakita ng pag-aaral na ang pagpapahalaga sa wika at ang modernisasyon sa pag-unlad ng Wikang Filipino ay may positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Batay sa mga natuklasan, malinaw na sa tulong ng teknolohiya, internet, at iba pang makabagong kasangkapan sa pagtuturo, lumalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral at nahuhubog ang kanilang kabutihang-asal. Lumitaw din na ang modernisasyon ay may mahalagang ambag sa pagpapahusay at pagpapalalim ng tatlong pangunahing kasanayan sa

wika, partikular sa pagsasalita, pagbasa, at pagsulat. Sa pagsasalita, nakatutulong ang makabagong kagamitan sa pagpapalinaw ng bigkas, pagpapadali ng pakikipag-ugnayan, at pagpapalawak ng kakayahang gamitin ang Wikang Filipino sa iba't ibang sitwasyon. Sa pagbasa, pinadadali ng teknolohiya ang pag-unawa sa mga salita at akdang Filipino, habang napalalawak naman ang talasalitaan at kaalamang pangwika ng mga mag-aaral. Sa pagsulat, napatunayang nakatutulong ang modernisasyon sa pagpapalinaw ng pagpapahayag, pagwawasto ng balarila at baybay, at paglinang ng malikhaing kakayahan sa paggamit ng wika.

Higit pa rito, naipakita rin sa saloobin ng mga tagatugon ang impluwensiya ng mga social media platform at AI sa pagbabago ng wika. Bagama't kinilala ng mga mag-aaral ang positibong ambag ng mga ito sa pagkatuto, komunikasyon, at mabilis na pagkuha ng impormasyon, lumitaw rin na may mga hamong kaakibat ang paggamit ng mga makabagong kasangkapan, tulad ng posibilidad ng labis na pag-asa sa teknolohiya at ang unti-unting pagbabago sa wastong paggamit ng Wikang Filipino. Sa kabila nito, ipinakita ng pag-aaral na habang ang mga mag-aaral ay aktibong nakikibahagi sa mga gawain sa klase, natututo silang higit na pahalagahan ang sariling wika. Ang ganitong kalagayan ay nagpapatunay na ang integrasyon ng modernisasyon sa pagkatuto ay hindi nangangahulugang paglayo sa Wikang Filipino, bagkus ay maaaring magsilbing paraan upang lalo itong mapalakas at mapagyman. Dahil dito, maituturing na ang ganitong pamamaraan ay tumutugma sa layunin ng K-12 curriculum na palakasin ang kontekstwalisadong pagtuturo sa Filipino at gawing higit na makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa loob ng makabagong konteksto ng edukasyon.

Kaugnay nito, ipinahihiwatig ng mga natuklasan na mahalagang higit pang hikayatin ng mga guro ang mga mag-aaral sa paggamit ng Wikang Filipino sa pamamagitan ng makabuluhang pagtuturo at paglalapat ng mga makabagong gawain sa loob ng silid-aralan. Kinakailangan ding ituro ang tamang pagbalanse sa paggamit ng makabagong kagamitan at ang paglinang ng sariling talino upang maiwasan ang labis na pag-asa sa teknolohiya. Para sa mga mag-aaral, mahalagang pairalin ang disiplina sa paggamit ng mga teknolohiya at aktibong magbasa ng mga pormal na akda upang mapanatili ang wastong paggamit ng wika. Mahalaga rin ang papel ng administrasyon ng paaralan sa paglalaan ng pondo para sa sapat na kagamitan at koneksiyon sa internet upang maging epektibo ang pagtuturo. Kasabay nito, nararapat na magkaroon ng regular na pagsasanay para sa mga guro upang lalo pang mahasa ang kanilang kasanayan sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ng wika. Sa huli, mahalagang ipagpatuloy ng mga susunod na mananaliksik ang ganitong uri ng pag-aaral sa mas malawak na saklaw upang masubaybayan ang pagbabago at pag-unlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Wikang Filipino. Sa ganitong paraan, higit pang mapagtibay ang mga kaalamang nalinang sa kasalukuyang pananaliksik at mabibigyang-daan ang patuloy na pagpapaunlad ng pagtuturo at pagkatuto ng Wikang Filipino sa panahon ng modernisasyon.

TALASANGGUNIAN

Abrera-Naval, A., & Victoria, V. (2023). Technological pedagogical and content knowledge ng kaguruan sa Filipino ng mga pampublikong senior high school sa Naga City. Zenodo. <https://doi.org/10.5281/zenodo.10991727>

Agoncillo Jr., R. B. (2024). Hugnayang kognitibo: Pagtatala at pagsusuri sa proseso ng pagbuo ng kagamitang panturo sa Filipino gamit ang instruksiyon sa telebisyon-DepEd TV [Conference paper]. Animo Repository. https://animorepository.dlsu.edu.ph/conf_archers/2023/paper_innov/3/

- Bacilio, A., Barillos, M., Cerujano, M. C., Cresencio, R. J., Gotot, J. R., & Abenoja, S. A. (2019). Epekto ng teknolohiya sa mga mag-aaral ng Ika-11 baitang sa asignaturang Filipino ng Bestlink College of the Philippines. *Ascendens Asia Singapore-Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research*, 1(1). <https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcnpjmra/article/view/1138>
- Bacuso, A. B., Brillo, K. B., Buñag, V. R., Canya-as, L. B., & Lopez, P. M. (2024). Smart class: Estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sa Grade 3. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 4(12), 617–625. <https://doi.org/10.47760/cognizance.2024.v04i12.056>
- Dicang, J. P., & Molina, H. (2023). Mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa makrong kasanayan sa pagsasalita. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 3(12), 161–175. <https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.014>
- Fajardo, R. N. O., Chato, M. N. E., Pabas, H. M. U., & Arnaldo, J. A. G. (2024). Antas ng hamon sa pag-aaral ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa Ikalabing-isang baitang. *Zenodo*. <https://doi.org/10.5281/zenodo.13123536>
- Francisco, L. N. A., & Ituralde, R. A. C. (2025). WikaGenZ 2: The development of language among Filipino youth. *International Journal of Research Studies in Education*, 14(4). <https://consortiacademia.org/10-5861-ijrse-2025-25832/>
- Gabuyo, S. J. B. (2025). Paglalakbay ng kuwento: Karanasan sa pagsasanay ng akademikong pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral sa senior high school. *Zenodo*. <https://doi.org/10.5281/zenodo.14948442>
- Gesta, L. C. (2022). Lawak ng pagpapahalaga sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa agham, teknolohiya, inhenyeriya, at matematika. *Humanities Commons*. <https://works.hcommons.org/records/kvr4r-mw670>
- Hicana, M. F. (2024). Wikang Filipino: Wikang mapagbangon. *CNU Journal of Higher Education*, 18, 48–60. <https://www.jhe.cnu.edu.ph/ojs3/article/view/283>
- Israel, J., Manarang, O. Z., & Sumaoang, P. J. (2022). Ang Zoom bilang platapormang pang-edukasyon sa pagtuturo ng wika: Mga repleksiyon at rekomendasyon mula sa sistematikong rebyu ng mga literatura. *Dalamat E-Journal*, 8(1). <https://animorepository.dlsu.edu.ph/dalamat/vol8/iss1/1/>
- Juancho, C. (2021). Makabagong pamamaraan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino: Pagtataya sa teknolohikal, pedagogikal at kaalamang pangnilalaman. *Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development*, 9(1). <https://research.lpubatangas.edu.ph/wp-content/uploads/2022/02/APJMSD-2021-01-001a.pdf>
- Kitane, K. M. (2022). Mga nararanasan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino gamit ang modyular na dulong sa pagtuturo: Batayan sa paglahad ng rekomendasyon. *Silliman Journal*, 63(1). <https://sillimanjournal.su.edu.ph/index.php/sj/article/download/4/4/16>
- Labasbas, M., Marbella, F., & Pamantasan ng Sorsogon. (2022). Kaalaman at kasanayan ng mga guro sa paggamit ng animated videos sa pagtuturo ng panitikan. *Asia Pacific Journal of*

Management and Sustainable Development, 10(3). <https://research.lpubatangas.edu.ph/wp-content/uploads/2023/11/17-APJMSD-17.pdf>

Ludivese, E. (2024). Isang pagsusuring pangnilalaman sa mga piling makasaysayang pelikulang Pilipino: Disenyo ng aralin. *UB Advancing Filipino Research Journal*, 1(1), 116–129. <https://www.ub-urc.ph/index.php/afri/article/view/202>

Manlapas, A. C., Marcos, R. S., Mocnangan, J. K., Nabus, R. G., Oblades, M. A. G., & Eguia, M. L. G. (2024). Ang PowerPoint bilang pantulong-biswal sa pagkatuto ng mga mag-aaral. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 4(12), 298–303. <https://doi.org/10.47760/cognizance.2024.v04i12.029>

Mayag-as, R. B., Tomas, R. A. L., Hidalgo, B. L., Ngawa, R. S., & Fernandez, N. A. (2023). Kaalaman ng guro sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 3(12), 176–190. <https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.015>

Mejarez, J. L., & Salcedo, B. F. (2025). Isang deskriptibo-komparatibong pag-aaral sa kakayahang pananaliksik ng mga mag-aaral sa non-board program ng KCAST. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR)*, 965–970. <https://doi.org/10.36713/epra19887>

Melchor, J. A., & Santos, M. R. (2023). Filipino language in the mouth of Alpha Gen: A mixed method research approach. *International Journal of Advance Research and Innovative Ideas in Education*, 9(1), 24562. https://ijariie.com/AdminUploadPdf/FILIPINO_LANGUAGE_IN_THE_MOUTH_OF_ALPHA_GEN_A_MIXED_METHOD_RESEARCH_APPROACH_ijariie24562.pdf

Rabuya, C. (2023). Pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng Filipino at Ingles bilang midyum ng pag-aaral ng matematika sa makabagong daigdig. *International Journal for Multidisciplinary Research*, 5(4), Article IJFMR23045409. <https://www.ijfmr.com/papers/2023/4/5409.pdf>

Sibayan, R. (2020). Mga salik at epekto ng PML (Popular Modernized Language) sa mga mag-aaral sa junior high school. *Virginia Tech*. <https://doi.org/10.17613/vdc4z-3q816>

Soriano, E. (2024). Paggamit ng gamification tools sa indibidwal at kolaboratibong gawain sa pagtuturo ng Filipino 7. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research*, 2. <https://doi.org/10.5281/zenodo.14568965>

Velasquez, A. J. C. (2023). Semantikong histo-sikolohikal na pag-aaral: Piling balbal na salita ng mga batang Gen-Z sa General Malvar St., Siyudad Davao. *Journal of Indigenous Languages*, 1(1), 1–29. <https://journals.jozacpublishers.com/jil/article/view/461>